
*Isang mapanghamong tula para sa mga Komunistang kabataan:*

# Bakit hindi ako sasampa sa New People's Army?

***Bakit nga ba hindi?***
Kasi dadanasin ko ang gutom at ang lamig sa gubat.
Mawawalan ng layang gawin ang gusto sa sariling pagpapasya.
Mangungulila sa pamilyang posibleng milya-milya na ang distansya.
Di kayang talikuran mga nakasanayan at nakagawiang nagbibigay sakin ng saya.

***Pero bakit nga ba hindi?***
Di nga ba't ang gutom sa panahong ito ay pangkaraniwan?
Dumadausdos ang kabuhayan ng nobenta'y poesyento ng mamamayan habang nagkakamal ng yaman ang iisang porsyento lamang ng mga angkang mayaman. Pamilya'y nagkikita-kita nga pero pilit pinaglalayo ng matinding kahirapan. Kulturang burges at pyudal nambubulok sa katauhan, hinuhubog na kalakal at isinasapamilihan.




***Bakit hindi ako sasampa sa New People's Army?***

Dapat hindi!
Hirap at sakripisyo'y di kakayaning suungin.
Isang paa'y nasa hukay pag armas ang isinukbit.
Paano na ang ambisyon, katanyagan at yamang pinapanaginip?
Kamatayan ay kinatatakutan.
Sakripisyo at kahirapan ay inaayawan.

***Pero bakit nga ba hindi?***

Di pa ba libingan ng buhay itong lipunang malakolonyal malapyudal?
Impyerno ang kahirapang tumutupok sa kinabukasan ng bawat kabataan.
Purgatoryo ng kawalang katiyakan ang grasyang di dumadarating.
Ni walang libreng himlayan para sa di napapayapang mga bangkay.




***Bakit hindi ako sasampa sa New People's Army?***


Hindi pa.
Hindi pa ngayon kasi sa magulang ko'y may iniwang pangako.
Pagiging responsableng anak patutunayan kong totoo.
Sa lungsod, sa eskwelahan at pagawaan pwede namang kumilos, suportahan ang armadong pakikibaka,
saka na lamang tuwirang lalahok.

***Pero bakit nga ba hindi pa ngayon?***

Sosyalistang bukas ay pangakong di mapapako.
Ngayon pa lang ay pinagpupunyagiang itatag ng mabubuting anak ng bayan.
Buhay ay nakataya, anong bigat ng pananagutan!
Responsibilidad di lang sa pamilya kundi sa sangkatauhan.
Tuwirang pagsangkot sa armadong pakikibaka, di maipagpapaliban ang pangangailangang kakagyatan.
Hukbong kabataan na nagsasalita, higit na nakakahikayat ang panawagan ng pagsampa.

***Bakit hindi ako sasampa sa New People's Army?***

Hindi na ngang talaga kung mas nanaisin kong tanggapin na lamang ang pang-aapi't pambubusabos.
Kung ang talino ko't lakas iaalay sa uring nagtanggal sa aking dangal at ng sanlaksang manggagawang aliping sahuran, magsasakang ini-ngudngod sa lusak ng walang hanggang pagdurusa.
Kung magiging tagapagmasid at mag-antay na lamang kung kailan gaganap ang mga bayaning walang takot hamunin ang mga nasa kapangyarihan.
Wala na nga talagang pag-asang ako pa ay sasampa sa New People's Army.
Kung nanaisin kong maiwanan sa lumang pahina ng kasaysayan — mabura, malimot, magtapos sa kwentong umiinog sa aking pagyukod sa estadong bulok…



***Bakit nga ba hindi ako sasampa sa New People's Army?***

Edad desi otso pataas, may mahusay na pangangatawan, hustong kaisipan at may angking talino at lakas.
Higit sa lahat, ako'y kabataang komunista.
Batid ang armadong pakikibaka'y tanging lunas, para makauring tunggalian ay magwakas.
Ano pa nga bang dahilan ang maaapuhap sa aking palad para hindi ko tanganan ang armas at ikuyom ang sumpang *"buhay ma'y ialay kung kinakailangan."*



**Kung hindi pa ngayon.. baka hindi na nga..**

Pero nag-aantay ang masa sa aking pagpapasya...
Sa tunggalian ng uri, proletaryo at burges na paninindigan'y nagtatagisan sa aking isipan.
Kung hangad nga nama'y rebolusyunaryong pagbabago
at ang puso'y handang maglingkod sa masa, ano pa bang idadahilan?
Wala, sadyang walang dahilan para hindi sasampa sa New People's Army.

## Bakit hindi pa ngayon? Ang panahon ay ngayon na!

*Ang pagtangan ng armas para ibagsak ang mapagsamantalang naghaharing-uri at baguhin ang bulok na kaayusan ay isang desisyong umaapaw na malasakit sa mamamayan!*

**Nepar**

***Ming Pagbutlak***
Mula sa Pulang Silangan
Setyembre 04, 2023

*** Paanyaya na rin ito sa mga kabataan na sumampa sa NPA. Iprograma ang Tour of Duty ng mga kasapi ng Partido.

# Humakbang pasulong!

**Humakbang kang pasulong**
At sa kahirapa'y wag uurong
Alalahaning, ang kahirapan
Ang siyang dahilan ng pasya mong sumuong
Sa digmaang tatapos sa kasumpa-sumpang kahirapan.

**Humakbang kang pasulong**
Kahit minsay parang bota ay may gulong
Sa daang putikan, panay ang yong gulong
Malalayo't nakakapagod na hakutan, wag katakutan!
Tiyak na bubusugin sikmurang kumakalam.

**Humakbang kang pasulong**
Sa gutom, wag magpagupo
Kagutuman ay pangkaraniwan
Sa buhay ng masa at gerilyang nakikipagbakbakan
Sa berdugong militar at mga indibidwalistang tendensya

**Humakbang kang pasulong**
Kahinaa'y wag atrasan, punaha'y wag kamuhian
Bagkus mga puna'y taimtim na pag-aralan
Wag mahiya, kundi maging mapagkumbaba
Akuin at iwasto mga kahinaang ipinunto.

**Humakbang kang pasulong**
Inatang na tungkulin ay wag ayawan
Gaanuman kakumplikado, gawaing pampulitika,
militar, medikal man o kabuhayan
Pakatandaang, sa bawat pagsulong tiyak na may kahirapan
Pero walang bagay na hindi kayang alpasan,
hindi kayang matutunan
Ng isang mandirigma pursigidong
maglingkod sa mamamayan.

**Magmartsa pasulong!**
Wag mag-atubili, wag nang mag dalawang-loob
Akayin at wag gayahin ang mga may tunguhing umurong
Ubos kayang mag-ambag sa pangkabuuang pagsulong!

*Alon Aurora (Sept 2, 2023)*

